Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HUNYO 2, 2008, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 113-T2008

**KAPASIYAHANG NAG-AATAS SA MGA KABATAANG WALA PANG LABING WALONG (18) TAONG GULANG NA TUMALIMA SA ORAS NG CURFEW MULA IKA-10:00 NG GABI HANGGANG IKA-4:00 NG UMAGA, NANG SUMUNOD NA ARAW, SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T**, karamihan sa mga barangay sa bayan ng Santa Cruz, Laguna ay may kahilingan sa Sangguniang Bayan na mabago at makapagpatibay ng bagong kautusan ukol sa curfew sa bayang ito;

**SAPAGKA'T**, ang umiiral na Kautusang Bayan Blg. 12-T1998 ukol dito ay kailangan nang susugan dahilan sa hindi na akma sa panahong ito ang mga probisyong nakapaloob sa naturang kautusan;

**SAPAGKA'T**, kinakailangan ang maagap na pagkilos upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kabataan tungo sa kagalingan ng pamayanan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ramon D. Tan (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN**: Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 11-T2008

**KAUTUSANG NAG-AATAS SA MGA KABATAANG WALA PANG LABING WALONG (18) TAONG GULANG NA TUMALIMA SA ORAS NG CURFEW MULA SA IKA-10:00 NG GABI HANGGANG IKA-4:00 NG UMAGA, NANG SUMUNOD NA ARAW, SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.**

**SEKSYON 1** – Ang kautusang ito ay ipatutupad sa nasasakupan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 2** – Kahulugan ng mga Salita

a. Oras ng curfew – oras na ipinagbabawal sa mga kabataang wala pang labing walong taong gulang mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga, nang sumunod na araw.

**SEKSYON 3** – Hindi pinahihintulutan ang mga kabataang wala pang labing walong (18) taong gulang na gumala o maglimayon sa mga lansangan, bahay-aliwan, computer o internet shop o palaruan at kahalintulad nito sa bayang ito mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga, nang sumunod na araw.

**SEKSYON 4** – Ang nasasaad sa Seksyon 3 ng kautusang ito ay hindi paiiralin sa mga sumusunod:

a) kung kasama ang kanilang magulang o tagapagbantay
b) tumutupad sa isang gawaing naaayon sa batas
c) kung gumaganap ng tungkuling pangkagipitan
d) kung may pahintulot ang kaukulang barangay sakaling may isasagawang pagdiriwang, gawain o anumang okasyon na kinakailangan ang pakikiisa ng mga kabataan.

**SEKSYON 5** – Ang oras ng curfew ay hindi paiiralin sa mga araw gaya ng mga sumusunod:

a) Mahal na araw mula Linggo de Ramos hanggang Linggo ng Pagkabuhay
b) pagdiriwang ng bisperas at araw ng Kapistahan sa bayan ng Santa Cruz, Laguna
  b.1) Hunyo 3 - 4 Pistang Bayan (Iglesia Filipina Independiente)
  b.2) Agosto 18 – 19 (Mahal na Señor)
  b.3) Disyembre 7 – 9 (Inmaculate Concepcion)
c) Nobyembre 1 -2 – Araw ng mga Patay
d) Disyembre 16 hanggang Enero 1 – Panahon ng Kapaskuhan

**SEKSYON 6 – KAPARUSAHAN** – Ang sinumang lumabag sa isinasaad sa Seksyon 3 kautusang ito ay papatawan ng sumusunod na kaparusahan:

a. Unang paglabag – ilalagay sa pag-iingat at pangangalaga ng Sangguniang Barangay sa nilolooban ng oras ng curfew sa pasubaling mailalabas lamang matapos na mapangaralan at mapagsabihan ang mga magulang hinggil sa umiiral na oras ng curfew.
b. Ikalawang Paglabag – papatawan ng multang Dalawang Daang Piso (P200.00) at ilalagay sa pag-iingat at pangangalaga ng Kagawaran ng Pulisya na hindi bababa sa limang oras.
c. Ikatlong Paglabag – papatawan ng multang Limang Daang Piso (P500.00) at sasampahan ng kaukulang kaso sa hukuman para makakuha ng pag-aatas na ipasok sa MSWD (Pambayang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad) bilang Youthful Offender.

**SEKSYON 7** – Ang mga bahagi o kabuuan ng umiiral na kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**SEKSYON 9** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskel na mga hayag na lugar pampubliko sa nilolooban ng labinlimang (15) araw.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/ kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Hukom, Kagawaran ng Pulisya, mga Punong Barangay at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan /kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. ISAGANI R. MALAPAYA
Kagawad

KGG. JOHN CARLOS C. DELOS REYES
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan